# Abiso tungkol sa bayarin sa Nursing Care Insurance 2026

## Tignan muna sa Notice Letter ang kulay ng letra



Ang kulay ng letra sa Notice letter ay naiiba depende sa paraan ng pagkolekta(paraan ng pagbayad),kaya basahin ng mabuti ang paliwanag at makipag-kooperasyon sa tamang pagbabayad.

Hindi maaaring pumili ng paraan ng pagbabayad sa Nursing Care Insurance dahil ang pangunahing paraan ng pagbabayad nito ay espesyal na koleksyon(pagbawas sa pensyon).

Ang ordinaryong pagkolekta ay para lamang sa mga nag-65 taong gulang o mga bagong lipat na hindi pwede ang espesyal na pagkolekta(pagbawas sa pensyon).

| Kulay ng letra | Paraan ng pagkolekta(pagbayad) | Numero kung saan ang eksplanasyon | |
|---|---|---|---|
| Asul | Espesyal na pagkolekta(bawas sa pensyon) | Notice letter(kulay asul) | ①、② |
| | Ordinaryo(direct debit)/Espesyal na pagkolekta | Notice letter(kulay asul) | ①、②、③ |
| | Ordinaryong pagkolekta(direct debit) | Notice letter(kulay asul) | ①、③ |
| Orange | Ordinaryong pagkolekta(cash payment) | Notice letter(kulay orange) | ④、⑥、⑦ |
| | Ordinaryo(direct debit)/Espesyal na pagkolekta | Notice letter(kulay orange) | ④、⑤、⑥ |

【Tagalog】 Basahing mabuti ang website na may wikang banyaga.
【English】 Foreign version are available on the website. Please make sure to check it.
【Português】 Verificar a versão em outros idiomas disponível na homepage.

## Paano pagpasyahan ang Nursing Care Insurance Fee sa lungsod ng Kani

Ang halaga ng Nursing Care Insurance ay binabase sa service plan ng Nursing Care Insurance na sinusuri kada 3 taon, sa ika-9 na Panahon ng Plano ng Serbisyong Nursing Care Insurance ng Lungsod ng Kani (Taong 2024-2026), matapos isaalang-alang ang populasyon ng 65 taong gulang pataas sa nakalipas na 3 taon,bilang ng mga taong kwalipikadong makatanggap ng suporta/pangangalaga, at ang kalagayan ng mga Nursing Care na pasilidad.

Ang indibidwal na bayad sa Nursing Care Insurance ay binabase sa kalagayan ng sambahayan gaya ng kita tuwing ika-1 ng Abril,pati na rin ang kalagayan ng bagong buwis ng indibidwal at ng mga kasapi ng sambahayan.Ang mga ibinayad sa Nursing Care Insurance ay isang mahalagang mapagkukunang pinansyal para sa buong lipunan upang suportahan ang mga nangangailangan ng pangangalaga. Hinihingi po namin ang inyong kooperasyon sa maayos na pagbabayad para sa madaling paggamit ng serbisyo kapag ito ay kinakailangan na.

Breakdown ng pondo ng Nursing Care Insurance sa Kani City ※
Hndi kabilang ang kontribusyon ng gumagamit.

| 27% | 23% | 50% |
|---|---|---|
| 40〜64taon | 65taon pataas | Pampublikong Pondo (Buwis) |
| Bayarin sa Nursing Care Insurance | | |



**Para sa mga katanungan tungkol dito**

Dibisyon ng Nursing Care Insurance sa Kani City

Seksyon ng Nursing Care Insurance

☎0574-62-1111 (Ext. 3224、3225)


24hours sa online

Mga Katanungan/Sagot

City HP

**Paraan ng pagtingin ng notice letter(asul na letra)**

Kabuuang halaga sa taong 2026




Pagtaas/pagbaba ng halaga mula sa mga naipabatid na halaga para sa Taong 2026

## ① Kabuuang halaga ng bayarin sa 1 taon

○Halagang natukoy base sa antas ng kita sa taong 2026

Ito ang kabuuan ng mga halaga sa column na "②espesyal na pag-kolekta (pagbabawas sa pensyon)" at ang "③ ordinaryong kolekta (cash payment o bank deposit)" column

## ②Espesyal na pagkolekta(pagbawas sa pensyon)

○Kapag natugunan ang mga sumusunod na kinakailangan,maaaring magpa-espesyal na kolekta (pagbawas sa pensyon). Subalit,maaaring maantala ang pag-uumpisa ng pagbabawas kung ng taong 2025 ay nagkaroon ng pagkatigil o hindi nakapagbawas sa pensyon dahil sa mga dahilang hindi inaasahan.

・Mga taong kwalipikado sa kadahilanang"nag-65 taong gulang na" "lumipat sa lungsod ng Kani" bago mag-Pebrero 2026.

・Tumanggap ng pensyon na ang kabuuang halaga sa buong taon ay 180,000 yen o higit pa hanggang Abril 2026

○Ang halaga ng espesyal na pag-kolekta (pagbawas sa pensyon) ay tinutukoy ayon sa buwan ng pagsisimula tulad ng nakasaad sa ibaba.


| Buwan ng simula | Halaga ng ikokolekta sa buwan ng Abril,Hunyo at Agosto | Halaga ng ikokolekta sa buwan ng Oktubre,Disyembre at Pebrero |
|---|---|---|
| Abril | Dahil hindi matukoy ang katayuan ng kita ng nakaraang taon,ang ikakalkula ay mula sa nakaraang dalawang taon na kita | Base sa kita ng nakaraang taon ang kalkulasyon ng kabuuang 1 taon na halaga, at ito ay kokolektahin sa buwan ng Abril,Hunyo,Agosto at ang matitirang halaga ay mahahati sa 3 beses |
| Hunyo | | |
| Agosto | Base sa kita ng nakaraang taon,atbp. ang kalkulasyon ng 1 taon na halaga ng babayaran at ito ay mahahati sa apat na bigayan: Agosto, Oktubre, Disyembre, at Pebrero | |
| Oktubre | | Kalahati ng 1 taong halaga ng babayaran at ito ay hinati ng 3 beses sa Oktubre,Disyembre,Pebrero<br>※ Kokolektahin sa buwan ng Hunyo ～ Setyembre ang kalahating matitira (payment slip o babawas sa bangko) |

## ③Ordinaryong pagkolekta（cash payment o bank deposit）

○Kung may nakalagay na halaga sa column ng ordinaryong kolekta(cash payment o bank deposit),ibig

sabihin nito ay nakarehistrong bank deposit ang tao.Magpasok ng pera sa bank account na nakalagay sa kaliwang bahagi ng notice letter bago ang due date.

**Paano tignan ang notice letter(orange na letra)**




## ④Kabuuang halaga ng babayaran sa 1 taon

〇Halagang natukoy base sa antas ng kita sa taong 2026
Ito ang kabuuan ng mga halaga sa column na "②espesyal na pag-kolekta (pagbabawas sa pensyon)" at ang "③ ordinaryong kolekta (cash payment o bank deposit)" column

## ⑤Espesyal na pagkolekta(pagbawas sa pensyon)

〇Basahin ang paliwanag sa 「②Espesyal na pag-kolekta (pagbawas sa pensyon)

## ⑥Ordinaryong pagkolekta（cash payment o bank deposit）

〇Papadalhan ng payment slip ang mga taong hindi nakarehistro ang bank account at angkop sa mga sumusunod na halimbawa.Pakibayaran ito hanggang bago ang due date.

- Natigil ang espesyal na koleksyon ng taong 2025 dahil nagbago ang sitwasyon ng kita.
- Mga taong kwalipikado sa kadahilanan"nag-65 taong gulang na""lumipat sa lungsod ng Kani" bago mag-Pebrero 2026.
- Hindi natugunan ang mga pangangailangan para sa espesyal na koleksyon (pagbabawas sa pensyon)
- Hindi makapagpa-espesyal na kolekta(pagbabawas sa pensyon) dahil nakahiram ng pera at ginawang collateral ang pension

〇Gamit ang payment slip maaaring bayaran ng isahan ang buong taon na halaga.
〇Maaaring magbayad sa convenience store o online payment hanggang bago ang due date.

## ⑦Iskedyul ng umpisa ng Espesyal na Pagkolekta

〇Mag-uumpisa ang espesyal na pagkolekta sa taong 2027 ng Abril kapag natugunan ang mga kinakailangan na nakasaad,para sa mga hindi nakapag-espesyal na pagkolekta sa taong 2026.Gayunpaman, para sa mga taong umedad ng 65 taong gulang o lumipat pagkatapos ng Oktubre ng 2026, ayon ito sa talaan sa likod ng "Abiso ng Resulta sa Halaga ng Nursing Care Insurance".

## Pagrehistro ng direct debit sa bank account

〇Iproseso ito sa mga bangko.May mga form ang bawat bangko sa lungsod ng Kani.
Magdala ng bank book o cash card,seal/inkan na ginamit sa bangko,payment slip,at Direct Debit Request form (kung sakaling sa labas ng Kani ang bangko na aaplyan)

# Graph ng Nursing Care Insurance Premium

●Karaniwang halaga sa 1 buwan ay ¥5,700,sa 1 taon ay ¥68,400yen

| Kalagayan ng kita,atbp ng residenteng saklaw ng buwis | | | | Antas | Halaga(1taon)<br>Rate ng tax |
|---|---|---|---|---|---|
| Buwis ng Residente※1 | | Kabuuang halaga ng kita※2 mula sa pensyon na napatawan ng buwis at kabuuang halaga ng kita bukod sa pensyon ng nakaraang taon | | | |
| Sarili | Kasambahay | | | | |
| — | — | ・Tumatanggap ng pampublikong tulong<br>・Tumatanggap ng Old-Age Welfare Pension at walang buwis ang buong kasambahay | | 1 | ¥17,100<br>Standard na halaga ×<br>0.25 |
| Taxes | Walang tax | ～¥826,500 | | | |
| | | ¥826,501～¥1,200,000 | | 2 | ¥27,360<br>Standard na halaga ×<br>0.40 |
| | | ¥1,200,001～ | | 3 | ¥44,460<br>Standard na halaga ×<br>0.65 |
| | May tax | ～¥826,500 | | 4 | ¥58,140<br>Standard na halaga ×<br>0.85 |
| | | ¥826,501～ | | 5 | ¥68,400<br>Standard na halaga ×<br>1.00 |
| Buwis ng Residente※1 | | Kabuuang halaga ng kita※2 ng nakaraang taon ng taong sinisingil | | Antas | Halaga(1taon)<br>Rate ng tax |
| Sarili | | | | | |
| 課税 | | ～¥1,200,000 | | 6 | ¥75,240<br>Standard na halaga ×<br>1.10 |
| | | ¥1,200,001～¥2,100,000 | | 7 | ¥82,080<br>Standard na halaga ×<br>1.20 |
| | | ¥2,100,001～¥3,200,000 | | 8 | ¥99,180<br>Standard na halaga ×<br>1.45 |
| | | ¥3,200,001～¥4,200,000 | | 9 | ¥109,440<br>Standard na halaga ×<br>1.60 |
| | | ¥4,200,001～¥5,200,000 | | 10 | ¥123,120<br>Standard na halaga ×<br>1.80 |
| | | ¥5,200,001～¥6,200,000 | | 11 | ¥136,800<br>Standard na halaga ×<br>2.00 |
| | | ¥6,200,001～¥7,200,000 | | 12 | ¥150,480<br>Standard na halaga ×<br>2.20 |
| | | ¥7,200,001～¥8,000,000 | | 13 | ¥157,320<br>Standard na halaga ×<br>2.30 |
| | | ¥8,000,001～¥9,000,000 | | 14 | ¥164,160<br>Standard na halaga ×<br>2.40 |
| | | ¥9,000,001～¥10,000,000 | | 15 | ¥171,000<br>Standard na halaga ×<br>2.50 |
| | | ¥10,000,001～¥15,000,000 | | 16 | ¥181,260<br>Standard na halaga ×<br>2.65 |
| | | ¥15,000,001～ | | 17 | ¥194,940<br>Standard na halaga ×<br>2.85 |

※1 Dahil sa pagbabago ng sistema ng buwis sa taong 2025,ang walang tax ay maaaring magka-tax sa taong 2026 na makakaapekto sa halaga ng bayarin sa Nursing Care Insurance.Tignan ang detalye sa HP ng lungsod.

※2 Ang "kabuuang halaga ng kita" ay ang halagang naiwan sa sahod matapos ibawas ang mga kinakailangang bayaran(depende sa uri ng kita ang paraan ng pagkalkula),pati narin ang halaga ng kita pagkatapos ng exemption mula sa hiwalay na lupa at gusali,at ang hiwalay na buwis sa mga stocks bago ang deduction.Hindi mabibilang rito ang deduction dahil sa pagkalugi at ang Survivor Pension at Disability Pension ay hindi kabilang sa halaga ng kinita.